7.14

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 23, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 153-T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 3 NG BARANGAY GATID NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONGDAAN APATNAPU'T TATLONG LIBO PITONGDAAN SIYAMNAPU'T APAT NA PISO AT APATNAPU'T WALONG SENTIMOS (Php343,794.48) MULA SA KARAGDAGAN O EXCESS IRA 2010 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php68,758.90); 10% SK FUND (Php34,379.45); 5% CALAMITY FUND (Php17,189.73); PAGPAPAGAWA NG RIPRAP NG KALSADA (BAYSIDE 1) (Php90,000.00); PAMBILI NG POWER SAW (Php25,000.00); PAGPAPAGAWA AT PAGBILI NG INK, TONER/ XEROX MACHINE (Php30,000.00); PAGPAPAKUMPUNI NG DAY CARE CENTER (MUNTING GATID) (Php30,000.00); PAMBILI NG KAGAMITAN SA TANGGAPAN NG SANGGUNIAN (Php30,000.00) AT PAGBILI NG MEDICAL SUPPLIES PARA SA HEALTH CENTER (Php18,466.40) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Barangay ng Gatid sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 9-T2010 / Kautusan Blg. 3-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php343,992.64 mula sa karagdagan o excess IRA 2010 upang ilaan sa 20% development fund (Php68,758.90); 10% SK fund (Php34,379.45); 5% calamity fund (Php17,189.73); pagpapapagawa ng Riprap ng kalsada (Bayside 1) (Php90,000.00); pambili ng power saw (Php25,000.00); pagpapapagawa at pagbili ng ink, toner / Xerox machine (Php30,000.00); pagpapakumpuni ng Day Cere Center (Munting Gatid (Php30,000.00); pambili ng kagamitan ng tanggapan ng sanggunian (Php30,000.00) at pagbili ng Medical Supplies para sa Health Center (Php18,466.40) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. at Rolando Moises E. Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng Php343,794.48 mula sa karagdagan o excess IRA 2010 upang ilaan sa 20% development fund (Php68,758.90); 10% SK fund (Php34,379.45); 5% calamity fund (Php17,189.73); pagpapapagawa ng Riprap ng kalsada (Bayside 1) (Php90,000.00); pambili ng power saw (Php25,000.00); pagpapapagawa at pagbili ng ink, toner / Xerox machine (Php30,000.00); pagpapakumpuni ng Day Cere Center (Munting Gatid) (Php30,000.00); pambili ng kagamitan ng tanggapan ng sanggunian (Php30,000.00) at pagbili ng Medical Supplies para sa Health Center (Php18,466.40) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

8-26-10